# MY CHARMING PRINCE

*written by stainless_pen ♥*

**“Okay ready! one, two, one, two, one! one! one, two three! one two three four five six seven eight, eight seven six five four three two------! Go! Hagis!”**

*pak!*

**“ARAAAAAY!”**

**“Omaygosh sis! Are you okay?”**

Joseph: **“Ok ka lang ba? San masakit? Dalhin na kita sa clinic?”**

**“OMG! OMG! Sisi!”**

Carlota:(lumuhod sa tabi ko) **“OMG Sisterette! Ok ka langlalu? Walang masakit ever????”**

tong bakla namang toh kung makasigaw parang wala nang bukas!

*pak!*

Carlota: **“Aray ko naman sis! Bat mo ako sinapak?!”**

Ako: **“eh kasi naman ikaw bakla ka, kung makasugod ka naman sakin parang kinain ako ng buwaya sa sakit na tinamo ko noh?”**

Carlota: **“eh ikaw naman kasi kung maka-aray sis, mukhang sa kanal nahulog, eh ang babaw nga lang ng hinulugan mo oh. Tsaka foam pa nga yan! Tsaka FYI,”** (tumayo tsaka pinulupot ang kamay sa braso ni Joseph) “**hindi ikaw pinunta ko noh. Ito kasing si papa Joseph ko biglang sumigaw kasi nahulog ka, kaya ayun**…**Ok ka lang ba papa Joseph? Next time wag na sumigawlalu nang ganun ha? Na worriedlalu tuloy ako sayo.”**

Ako: **“tse! bubwit ka. tumahimik ka nga. Naiirita na si Joseph sayo oh!”** :P

Ayan, si Carlota, ang vaklush kong bestfriend na kung makalandi ay daig pa ang isang GRO sa kanto. Carlo lang talaga real name nyan kaso nilagyan ko lang ng “ta” para beking beking naman ang neym. :P

Anyway, nandito kami ngayon sa isang park at nagpapraktis para sa cheerdance competition. Syempre, cheerleader ako! At sa kamalas-malasan nga naman, nung hinagis ako kanina, hindi

ako nasalo nung mga tangengot kong kagrupo.

naku! buti nalang may foam sa baba dahil kung hindi, nakz! mababawasan ang population ng mga vee-yuu-ty queen sa mundow. :P

**“Ok! breaktime muna! Be back here after 20 minutes!”**

O ayos! Tumayo na ako at naglakad palayo sa lugar na pinagpraktisan namin. Ginugutom na ako eh.

Carlota: **Sisterette! Wait for me naman oh! San ka pupunta?**

Ako: **Sa lugar na malayo sayo.** (tuloy sa paglakad)

Carlota: **Ganun ba? Sama ako!**

Ako: **Tange! Sira naman brain cells mo?!**

biglang natahimik si Carlota at sumabay na sa akin sa paglalakad.

Carlota: **OMG! OMG! Princess! OMGlalu!**

Okay. Alam ko na kung anong nakita niyan. Kasi pag hindi na sisterette ang tawag sa akin, my kababalaghan nang nangyayari sa isip nyan. =_= Lagi naman siyang ganyan. May gwapong nakikita kahit sa kanto biglang pagnanasaan. Hay nako, beki nga naman.

Ako: **huy! bibig mo ang laki!**

Carlota: **Princess, look!** (turo dun sa left side)

Ako: **Naah. Not now. Pagkain hinahanap ko, hindi lalaki.** =_=

Carlota: **Princess ipakilala mo na sa akin dali!**

Ako: **Neknek mo! Ginugutom pa ako! Maya na yan!**

tong vaklush namang toh kung makalandi eh parang mas importante pa ang fafable sa tabi kaysa pagkain!

Carlota: **O sige, maya mo na ako ipakilala sa fafablelalu na yan. Pero tingnan mo muna oh! Ang hotlalu sister!**

Ako: **Hot-hot ka dyan?! Eh kung sunugin ko yang muk** (tingin sa papable) **ha-----**

O__O

OMG. Hot nga.

There's a guy who's sitting on one of the benches sa park. He's maybe 18-20 year-old guy.

Carlota: **oh ano sister? lakas ng radar ko noh? Dali na! Pakilala mo na ako sister!** (hila sa

akin)

Ako: **O-oy! Wag mo kong hilahin! makakalakad ako!**

Carlota: **Dali na! Excited na ako ee! OMG sister, I think I'm going to be collapsing sa hot papa lalu na yan! From now on, I'm going to call him** (pinagdaop ang palad) **my charming prince…**

Yung feeling sa cloud 9. Alam mo yun? haaaaaayyyy..

charming prince nga ha...ha!

Ako: **teka, teka, dito muna tayoooo. Bat ang emo nya?**

Hinila ko si Carlota patungo dun sa likod ng isang puno. Mukha tuloy kaming spy dito na parang kahit anong oras ay ready nang tumutok ng baril. =_= Itong si Carlota kasi.

Carlota: **Oo nga noh. Mukha syang lonely. Halika na nga sister! Let's comfort him!**

Ako: **mamaya na nga!**

ay nako. Gutom na gutom na ko. Mukhang nagca-cry na nga ang mga alaga ko sa tyan.

Carlota: **Ano pang hinihintay mo sis?! tara na! gorabells na sa fafable na yan!**

Ako: **shhhhh! Wag maingay! tingnan mo nga oh, mukhang may hinihintay siya.**

Carlota: **Eh ano naman ngayon kung may hinihintay siya??? Baka tayo lang hinihintay niyan sis!**

*batok*

Ako: **Eh kung ikaw nalang kaya mag-isang lumapit sa kanya? Hindi ka naman siguro lumpo para aakayin kita papunta dun sa kanya diba? Pupunta na ako dun sa pagkainan. Di na makapaghihintay tong mga alaga ko!**

Nagstart na akong maglakad papunta sa direksiyon kung saan maraming street foods kaya lang tinawag nanaman ako ni malanding bestpren habang tawa nang tawa.

Carlota: **HAHAHHAHAH! sisterette! Sisterette! oy! hintay lang! HAHAHHAHAH!**

Ako: **Anyare sayo? Nirape ka na niya?!**

Carlota: **HAHAHAHAHHAH! Sana nga!**

*poingk!* (binatukan ko)

Carlota: **Aray! HAHAHAH! bakit? HAHHAH!**

Ako: **Parang mas gutom ka pa sa akin eh! Tara na nga! May praktis pa tayo! Aabutan tayo ng time!**

tapos hinila ko na siya pero tawa parin siya nang tawa. Anyare dito?! Ipapadala ko na ba to sa mental?

Carlota: **HAHAHHAH! oy teka! HAHAAHH!**

Ako: **bakit nga?!**

tawa parin siya nang tawa hanggang naubusan na siya ng hininga. Tapos bigla siyang tumuro dun sa left side kung saan yung ‘charming prince’ nakaupo tsaka siya nag smile ng nakakaloko.

Carlota: **diba dun ang pagkainan?**

Ako: **huh?**

Carlota: **tingnan mo nga yang nilalakaran mo.** (tinuro yung direksyon ko) **Tapos tingnan mo yung straight niyan.**

Tinignan ko naman yung direksyon ko.

O____O

=__=”

SEMENTERYO.

psh. =__= tama nga. Dun nga sa direksyon nung ‘charming prince’ ang street foods. Ibig sabihin, dadaan pa kami dun sa “charming prince” at mag ta-tug of war pa kami nitong si Carlota. Matindi to ah. Kakaiba kasi tong si Carlota, kung makakakita ng lalakeng gwapo eh akalain moy rirape-in na niya kaagad. =_=

Carlota: **oh ano na? ipapakilala mo na ako????**

Ako: **Neknek mo! Magpakilala ka dun kung gusto mo! Wag mo na akong idamay dyan. Tara dali na dun sa pagkainan!**

Nagsimula na kaming maglakad ni Carlota. Aba! Ang laki ng smile ng mokong ah! At ako naman itong pasimple at patagong nagsm-smile na din. pano ba kasi? papalapit na kami dun sa charming prince at masisilip na namin yung mukha niya! MWHAHAHA! :D

Di pa masyado kaming nakakalapit nang lumingon si charming prince sa amin….

..at nagsmile. :)

Carlota: (bulong) **omaygosh sister! He's….. he's…. he's…..smiling!!!**

Ako:(bulong) **shunge! alangan naman iiyak yan bigla?! Wag ka ngang malikot! Didiretso lang tayo sa pagkainan okay?**

**"ok! Go back here now! The break is over!"**

ay bubwit! malapit na malapit na kami ee!

No choice. Balik nalang sa practice.

***

Mabilis natapos ang practice. Buti hindi nanaman ako nahulog. xD Panay naman ang tanaw ni Carlota dun sa charming prince. Syempre, magpapahuli pa ba ako? Napako din yata yung tingin ko dun sa kanya ee. Pero honestly, familiar yung face niya. Feel ko talaga na nakita ko na siya noon eh.

Oh well, nevermind. Sasakit pa ang ulo ko kakaisip sa gwapong yun. :P

***

Kinabukasan, maaga akong bumangon. Inspired ba naman na baka makita ulit si charming prince? yeah, yeah. Malandi na kung malandi. Nyay! :P

Nandito kami ngayon ni Carlota sa practice place namin. Naghihintay sa mga kasamahan namin. Eto namang si Carlota eh parang hindi na mapakali. Ewan ko ba, ang hyper niya talaga!

Carlota: **Sistereeeeeeeeeeeette! Good morning! ^_____^ Lalalalala.. Oh hooray for today!**

**la.. la.. la..**

Anyare nanaman ba sa baklang toh?

Ako: **oy, Anyare sayo?**

Carlota: (pinagdaop ang palad) **haayyy nako sisterette.. Di mo talaga nakita?**

Ako: **ang ano?**

bigla namang hinawakan ni Carlota ang ulo ko. Nasa likod ko na siya.

Carlota: **look to the left! look to the right! now twist and turn!**

Ako: **a-aray ko! ano ba? Ano bang kinain mo kagabi?! nalason ka ba?!**

Carlota: **sister naman ee! Tingnan mo sinong naghihintay diyan sa gilid-gilid oh.. baka mamaya may nagmamahal na sayo.. este.. sa atin.** *wink*

Ako: **Ano bang----???**

Itutuloy ko na sana yung sasabihin ko kaya lang nadistract ako. Ayun. nakita ko si charming prince na nakaupo dun sa usual niyang upuan. Parang may hinihintay nanaman.

Ako: **okay. okay. Tahimik ka na. Nakita ko na siya okay?**

Carlota: (sings) **oooooooowh-keeeeeey…..**

=__= bat ba ang ingay ng baklang toh?

Carlota: (biglang sumigaw) **sister! sisterette!!! may bright idea akooooo!**

Ako: **ano po yung mahiwaga niyong bright idea madam?** =__=

Carlota: **tingnan mo siya, tumayo, tapos naglakad, tapos pumunta dun tapos-----**

Ako: **OO alam ko. Tinitingnan ko nga diba?**

Napansin ko namang lumingon muna si Charming prince sa direksyon namin bago siya tumayo.

Familiar face again. =__=

Carlota: **chillax lang sisterette. Diba wala na siya sa upuan niya, that means… makakapunta tayo dun sa inuupuan niya!**

Ako: **Tsk! Anong bang sense niyang pinagsasabi mo?!**

Carlota: **Wala. Halika na! punta tayo dun sa upuan niya! Malay mo, bumalik. Edi ma chikka time natin siya! OMGlalu sister! My charming prince is going to marry me!**

*poink!*

Carlota: **arayku! bat mo ko binatukan sis?!**

Ako: **Eh mukha ka bang ka marry-marry diyan?! Kung makapag daydream ka naman mukhang wala nang bukas noh.**

Carlota: **ay nako sis. Take the chance na oh! Halika na!**

okay. wala na akong nagawa kundi magpahila sa beking to. Sa totoo lang, gusto ko namang pumunta dun eh. xD Konting pakipot lang.

Nung nakarating na kami dun sa upuan ni charming prince, napansin kong may papel na naiwan dun sa upuan niya. Yellow paper na parang may sulat na nakalagay. At ako naman si chismosa, inopen yung letter niya!

Pero hindi letter yung nakita ko sa papel. Lyrics siya ng kanta.

*Oceans apart day after day*

*And I slowly go insane*

*I hear your voice on the line*

*But it doesn't stop the pain*

*If I see you next to never*

*How can we say forever*

*Wherever you go*

*Whatever you do*

*I will be right here waiting for you*

*Whatever it takes*

*Or how my heart breaks*

*I will be right here waiting for you*

*I took for granted, all the times*

*That I thought would last somehow*

*I hear the laughter, I taste the tears*

*But I can't get near you now*

*Oh, can't you see it baby*

*You've got me going crazy*